

Original Article

Pagtataguyod ng Pagsasalita sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Senior High School sa Pamamagitan ng Suporta, Aksyon at Galing

Ivy Joy Ganancial, ^{1,*}

Received: 12 August 2025; Revised: 16 January 2026;
Accepted: 30 January 2026; Published: 14 February 2026

DOI: <https://doi.org/10.66074/GT21HY09>

Abstrak

Sa kabila ng patuloy na pagsulong ng teknolohiya at globalisasyon, napapansin ang pagbaba ng aktibong paggamit ng Wikang Filipino sa mga paaralan. Layunin ng pag-aaral na ito na bumuo at subukin ang bisa ng interbensyong Suporta, Aksyon, at Galing sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Senior High School. Gumamit ang pag-aaral ng quasi-eksperimental na disenyo na may eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat mula sa isang pribadong paaralan sa Lungsod ng Davao. Isinagawa ang panimula at panapos na pagtataya gamit ang isang sariling gawa ng mananaliksik na instrumento sa pagsasalita, at sinuri ang datos sa pamamagitan ng mean, standard deviation, at t-test. Ipinakita ng resulta na bago ang interbensyon ay walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pangkat, na nangangahulugang magkatulad ang kanilang panimulang antas ng kasanayan. Matapos ang interbensyon, nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa panapos na pagtataya sa marka ng eksperimental na kontroladong pangkat. Naipakita na ang eksperimental na pangkat ay may makabuluhang pagtaas mula panimulang pagtataya hanggang panapos na pagtataya, samantalang walang makabuluhang pagbabago sa kontroladong pangkat. Higit pa rito, mas mataas ang mean gain score ng eksperimental pangkat kumpara sa kontroladong pangkat, na may makabuluhang pagkakaiba. Sa kabuoan, pinatutunayan ng pag-aaral na epektibo ang interbensyong Suporta, Aksyon, at Galing sa pagpapabuti ng kasanayan

¹ University of the Immaculate Conception, Davao City, Philippines
* Correspondence: iganancial@uic.edu.ph

sa pagsasalita sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School.

Mga Susing Salita: aksyon, edukasyon, galing, pagsasalita, senior high school, suporta, , wikang Filipino

Abstract (English)

Despite the continuous advancement of technology and globalization, a decline in the active use of the Filipino language in schools has been observed. This study aimed to develop and test the effectiveness of the Support, Action, and Excellence intervention in enhancing the speaking skills of Senior High School students. The study employed a quasi-experimental design with an experimental group and a control group from a private school in Davao City. A researcher-made speaking assessment instrument was administered as both pre-test and post-test, and the data were analyzed using mean, standard deviation, and t-test. Results revealed that prior to the intervention, there was no significant difference between the two groups, indicating comparable baseline speaking proficiency. After the intervention, a significant difference was found in the post-test scores between the experimental and control groups. The experimental group demonstrated a significant improvement from pre-test to post-test, whereas no significant change was observed in the control group. Furthermore, the experimental group obtained a higher mean gain score compared to the control group, with a significant difference. Overall, the findings confirm that the Support, Action, and Excellence intervention is effective in improving the Filipino speaking skills of Senior High School students.

1. Introduksyon

Sa kabila ng patuloy na pagsulong ng teknolohiya at globalisasyon, napapansin ang pagbaba ng aktibong paggamit ng Wikang Filipino sa mga paaralan, partikular na sa mga mag-aaral ng "Senior High School (SHS)" na ang huling dalawang taon (Baitang 11 at 12) ng K-12 Basic Education Program sa Pilipinas (Gaddi et al., 2024). Ayon sa mga pag-aaral, maraming mag-aaral ang mas pinipiling gumamit ng Ingles sa kanilang pang-araw-araw na komunikasyon, hindi lamang sa loob ng silid-aralan kung hindi pati na rin sa kanilang pakikipagtalastasan. Ang pagbabagong ito ay nagiging sanhi ng unti-unting pagbaba ng kasanayan at interes ng mga kabataan sa pagsasalita ng sariling wika, na may potensyal na magdulot ng pagkawala ng koneksyon sa kultura at identidad bilang Pilipino (Econar et al., 2024).

Sa internasyonal na larangan, ang parehong sitwasyon ay nararanasan din sa iba't ibang bansa. Sa Asya, halimbawa, iniulat na sa mga bansang tulad ng bansang Tsina, Indonesia, Japan, Pilipinas at Vietnam, unti-unti nang nababawasan ang paggamit ng kanilang pambansang wika sa mga kabataan dahil sa pagtaas ng paggamit ng Ingles bilang midyum ng komunikasyon, lalo na sa akademikong sitwasyon

(Kirkpatrick at Liddicoat, 2017). Ayon sa "United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO)" na isang ahensiya na nagtataguyod ng pandaigdigang kapayapaan at kooperasyon sa pamamagitan ng edukasyon, agham, kultura, at komunikasyon, humigit-kumulang 40% ng populasyon sa mundo ay walang akses sa edukasyon sa kanilang sariling wika, na nagpapakita ng malawakang isyu sa pagpapanatili ng mga pambansang wika (UNESCO, 2019). Ang ganitong kalakaran ay nagdudulot ng pangamba sa mga iskolar dahil maaaring humantong ito sa lingwistikong imperyalismo kung saan mas nangingibabaw ang global na wika tulad ng Ingles sa lokal na wika ng isang bansa (Phillipson at Skutnabb-Kangas, 2022).

Sa Pilipinas, ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority na pangunahing ahensiya ng pamahalaan na nangangalap, nagsusuri, at naglalathala ng opisyal na estadistika at mga rekord sibil sa Pilipinas (PSA, 2022), 63.4% ng mga mag-aaral sa mga urban na lugar ang mas komportable sa paggamit ng Ingles kaysa sa Filipino sa mga akademikong gawain. Ayon sa pag-aaral ni Vindollo at De Guzman (2019), ipinapakita na sa mga paaralan sa Metro Manila, halos 70% ng mga guro ang mas pinipiling gamitin ang Ingles sa pagtuturo ng mga asignatura maliban sa Filipino. Ipinapakita ng mga datos na ito ang mas mataas na antas ng paggamit ng Ingles kaysa sa sariling wika, na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng mas pinaigting na programang pangwika upang mapanatili at mapalago ang kasanayan ng mga kabataan sa Wikang Filipino.

Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat nagbibigay ito ng tiyak na estratehiya upang mapalakas ang aktibong paggamit ng Wikang Filipino sa Senior High School. Sa pamamagitan ng pagbuo ng isang makabagong interbensyon, maaaring matulungan ang mga mag-aaral na higit pang palawakin ang kanilang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino, na isang mahalagang hakbang tungo sa pagpapanatili ng pambansang identidad at pagpapayaman ng kulturang Pilipino (Maca at Morris, 2014). Maliban dito, ang kakayahang gamitin ang Filipino sa iba't ibang larangan ay magpapataas din ng kanilang kompiyansa sa pakikipag-ugnayan sa kapwa Pilipino at maging sa iba't ibang komunidad (Nadal, 2020).

Bagama't may mga umiiral nang mga programang pangwika tulad ng "Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE)" na isang patakarang pang-edukasyon kung saan ginagamit ang unang wika o katutubong wika ng mga mag-aaral bilang pangunahing midyum ng pagtuturo sa mga unang baitang upang higit na mapadali ang pag-unawa at pagkatuto, habang unti-unting ipinakikilala ang iba pang wika tulad ng Filipino at Ingles, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa mga unang antas ng edukasyon, at hindi sapat ang mga interbensyon na direktang tumutugon sa pagsasalita ng Wikang Filipino sa mataas na antas ng edukasyon (Caisip et al., 2022). Bukod dito, kakaunti ang mga pag-aaral na nagsusuri sa mga tiyak na estratehiya upang mapalakas ang oral na paggamit ng Filipino, partikular sa Senior High School, na siyang nagiging pangunahing puwang sa larangan.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay bumuo ng isang interbensyon na tatawaging suporta, aksyon at galing upang mapalakas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Wikang Filipino. Sa pamamagitan ng mga tiyak na

estrategiya, layunin ng pag-aaral na ito na gawing mas aktibo, tiwala, at epektibo ang mga mag-aaral sa paggamit ng wika hindi lamang sa loob ng paaralan kung hindi maging sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

2. Metodo

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng quasi-eksperimental design na may eksperimental at kontroladong pangkat upang suriin ang epekto ng interbensyon sa pagpapalakas ng pagsasalita sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School. Hindi isinagawa ang random na pagtalaga ng mga kalahok dahil umiiral na ang istruktura ng mga seksyon sa paaralan. Isinagawa ang pag-aaral sa isang pribadong paaralan sa Lungsod ng Davao. Ang mga kalahok ay binubuo ng dalawang seksyon ng ikalabindalawang baitang (humigit-kumulang 28–35 mag-aaral bawat pangkat), kung saan ang isang seksyon ay nagsilbing eksperimental pangkat at ang isa naman ay kontroladong pangkat.

Gumamit ang pag-aaral ng sariling gawa ng mananaliksik na instrumento na tinawag na Pagsusulit sa Pagsasalita sa Filipino, na sumasaklaw sa panayam, malalim na pagpapahayag, at talakayan. Ang pagmamarka ay nakabatay sa apat na pamantayan: daloy ng pagsasalita, bokabularyo, gramatika, at bigkas, na may kabuoang marka na 4–16. Upang matiyak ang bisa ng instrumento, isinailalim ito sa kontent validation ng tatlong eksperto sa larangan ng edukasyong pangwika at pananaliksik. Ang kanilang mga mungkahi ay isinama upang mapabuti ang kalinawan, kaugnayan, at saklaw ng mga pamantayan sa pagmamarka. Isinagawa rin ang pilot testing upang masuri ang pagiging maaasahan ng instrumento, at nakakuha ito ng 0.92 na reliability coefficient, na nagpapakita ng mataas at katanggap-tanggap na antas ng pagiging maaasahan. Parehong isinagawa ang panimulang pagtataya at panapos na pagtataya sa dalawang pangkat.

Ang eksperimental na pangkat ay sumailalim sa siyam araw na interbensyon na nakatuon sa Suporta (peer mentoring at reporting), Aksyon (pagbuo at presentasyon ng vlog na may fdbak), at Galing (pagbabahagi ng karanasan at repleksyon). Samantala, ang kontroladong pangkat ay tinuruan gamit ang lecture-based approach sa loob din ng siyam araw.

Ang datos ay sinuri gamit ang mean at standard deviation upang matukoy ang antas ng kasanayan bago at pagkatapos ng interbensyon. Ginamit ang paired-sample t-test upang malaman ang pagkakaiba ng marka sa panimulang pagtataya at panapos na pagtataya sa loob ng bawat pangkat, at independent-sample t-test upang suriin ang pagkakaiba sa pagitan ng eksperimental at kontroladong pangkat. Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa gamit ang Statistical Package for the Social Sciences (SPSS) sa antas ng kabuluhang 0.05. Isinaalang-alang din ang mga etikal na pamantayan sa pamamagitan ng pagkuha ng pahintulot mula sa pamunuan ng paaralan, ethical clearance, at informed consent mula sa mga mag-aaral at kanilang mga magulang. Tiniyak ang pagiging kumpidensyal at boluntaryong paglahok ng mga kalahok sa buong proseso ng pag-aaral.

3. Resulta

Ipinapakita sa talahanayan 1 ang panimulang pagtataya mean scores ng eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat bago ang interbensyon. Ang eksperimental na pangkat ay may mean score na 8.46 at standard deviation na 2.82, habang ang kontroladong pangkat ay may mean score na 8.09 at standard deviation na 1.84. Ang parehong pangkat ay nasa antas na katamtaman, na nangangahulugan na ang kanilang kasanayan sa pagsasalita ay nasa karaniwang antas ngunit may mga aspeto pa ring kailangang paghusayin.

Talahanayan 1. Panimulang pagtataya ng mean scores ng eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat bago ang interbensyon.

Pangkat	Mean	SD	Interpretasyon
Eksperimental	8.46	2.82	Katamtaman
Kontrol	8.09	1.84	Katamtaman

Ang pagkakaroon ng mga markang nasa antas na katamtaman ay nagpapakita na may potensyal ang mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kasanayan, ngunit kinakailangan pa nila ng karagdagang pagsasanay at suporta upang makamit ang mas mataas na antas ng kahusayan. Ang mga mag-aaral sa antas na katamtaman ay maaaring magpakita ng kahusayan sa mga aspeto ng pagsasalita ngunit maaaring mangailangan pa ng tiyak na gabay upang mapaunlad ang iba pang aspeto tulad ng pagbuo ng ideya, organisasyon ng wika, at pagpapahayag ng mga kaisipan.

Ang Talahanayan 2 ay ipinapakita ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng panimulang pagtataya mean scores ng eksperimental pangkat at kontroladong pangkat. Ayon sa talahanayan, ang t-value para sa pagkakaiba sa pagitan ng panimulang pagtataya mean scores ng eksperimental pangkat at kontroladong pangkat ay -0.642 at ang p-value ay 0.523. Dahil ang p-value ay mas mataas sa 0.05 (na karaniwang threshold para sa statistical significance), ito ay nagpapakita na walang makabuluhang pagkakaiba sa panimulang pagtataya mean scores ng dalawang pangkat. Ibig sabihin, bago ang interbensyon, pareho lamang ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng eksperimental pangkat at kontroladong pangkat, at ang pagkakaibang ito ay hindi sapat upang ituring na mahalaga o makabuluhan.

Talahanayan 2. Makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng panimulang pagtataya sa mean scores ng eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat.

Pangkat	Mean	SD	t-value	p-value	Interpretasyon
Eksperimental	8.46	2.82	-0.642	0.523	Hindi Makabuluhan
Kontrol	8.09	1.83			

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang panapos na pagtataya mean scores ng eksperimental pangkat at kontroladong pangkat pagkatapos ng interbensyon. Ang eksperimental pangkat ay may mean score na 10.25 at standard deviation na 3.03, na nasa antas na mahusay. Ito ay nangangahulugang tumaas ang kanilang kasanayan sa pagsasalita pagkatapos ng interbensyon. Ipinapakita nito na ang interbensyon ay nagkaroon ng positibong epekto sa kanilang kasanayan sa pagsasalita. Samantala, ang kontroladong pangkat, na may mean score na 8.23 at standard deviation na 1.99, ay nananatili sa antas na katamtaman, na nangangahulugang walang pagbabago sa kanilang kasanayan sa pagsasalita pagkatapos ng interbensyon.

Talahanayan 3. Panapos na pagtataya ng mean scores ng eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat pagkatapos ng interbensyon.

Pangkat	Mean	SD	Interpretasyon
Eksperimental	10.25	3.03	Mahusay
Kontrol	8.23	1.99	Katamtaman

Ang Talahanayan 4 ay ipinapakita ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng panapos na pagtataya mean scores ng eksperimental pangkat at kontroladong pangkat. Ayon sa talahanayan, ang t-value para sa pagkakaiba ng panapos na pagtataya mean scores ng dalawang pangkat ay -3.188 at ang p-value ay 0.002. Dahil ang p-value ay mas mababa sa 0.05, ito ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa panapos na pagtataya mean scores ng eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat. Ibig sabihin, pagkatapos ng interbensyon, may positibong epekto ang interbensyon sa kasanayan sa pagsasalita ng eksperimental na pangkat, na nagresulta sa mas mataas na mean score na 10.25 kumpara sa kontroladong pangkat na may mean score na 8.23.

Talahanayan 4. Makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng panapos na pagtataya mean scores ng eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat.

Pangkat	Mean	SD	t-value	p-value	Interpretasyon
Eksperimental	10.25	3.03	-3.188	0.002	Makabuluhan
Kontrol	8.23	1.99			

Ang Talahanayan 5 ay ipinapakita ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng panimulang pagtataya at panapos na pagtataya mean scores ng eksperimental na pangkat. Ayon sa talahanayan, ang t-value para sa pagkakaiba ng panimulang pagtataya at panapos na pagtataya mean scores ng eksperimental na pangkat ay -7.891 at ang p-value ay 0.000. Dahil ang p-value ay mas mababa sa 0.05, ito ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa panimulang pagtataya at panapos na pagtataya mean scores ng eksperimental na pangkat. Ibig sabihin, may positibong epekto ang interbensyon sa kasanayan sa pagsasalita ng eksperimental na pangkat, na nagresulta sa pagtaas ng mean score mula 8.46 sa panimulang pagtataya tungo sa 10.25 sa

panapos na pagtataya. Ang resultang ito ay nagpapatunay na ang interbensyon ay nagbigay ng makabuluhang pagpapabuti sa kasanayan ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat.

Talahanayan 5. Makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng panimulang pagtataya at panapos na pagtataya sa mean scores ng eksperimental na pangkat.

Pagtataya	Mean	SD	t-value	p-value	Interpretasyon
Panimula	8.46	2.82	-7.891	0.000	Makabuluhan
Panapos	10.25	3.02			

Ang Talahanayan 6 ay ipinapakita ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test mean scores ng control group. Ayon sa talahanayan, ang t-value para sa pagkakaiba ng pre-test at post-test mean scores ng control group ay -1.044 at ang p-value ay 0.304. Dahil ang p-value ay mas mataas sa 0.05, ito ay nagpapakita ng hindi makabuluhang pagkakaiba sa pre-test at post-test mean scores ng control group. Ibig sabihin, walang makabuluhang pagbabago sa kasanayan sa pagsasalita ng control group matapos ang interbensyon, na nangangahulugang hindi naging epektibo ang interbensyon sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagsasalita.

Talahanayan 6. Makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng panimulang pagtataya at panapos na pagtataya sa mean scores ng kontroladong pangkat.

Pagtataya	Mean	SD	t-value	p-value	Interpretasyon
Panimula	8.09	1.84	-1.044	0.304	Hindi Makabuluhan
Panapos	8.23	1.99			

Ang Talahanayan 7 ay ipinapakita ang mean gain scores ng eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat. Ayon sa talahanayan, ang eksperimental na pangkat ay may mean gain na 1.786 at standard deviation gain na 0.189, habang ang kontroladong pangkat ay may mean gain na 0.143 at standard deviation gain na 0.169. Ang mas mataas na mean gain ng eksperimental na pangkat ay nagpapakita ng mas malaking pagtaas sa kanilang kasanayan sa pagsasalita pagkatapos ng interbensyon, kumpara sa kontroladong pangkat. Ipinapakita rin ng standard deviation gain na mas mababa ang variability o pagkalat ng mga marka sa eksperimental na pangkat na 0.189 kumpara sa kontroladong pangkat na 0.169, at nangangahulugang mas pare-pareho ang mga pagtaas sa kasanayan ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat. Sa kabuoan, ang mga resulta ng mean gain scores ay nagpapahiwatig na ang interbensyon ay mas epektibo sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita ng eksperimental na pangkat kumpara sa kontroladong pangkat.

Talahanayan 7. Mean gain scores ng eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat.

Pangkat	Mean Gain	SD Gain
Eksperimental	1.786	0.189
Kontrol	0.143	0.169

Ang Talahanayan 8 ay ipinapakita ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mean gain scores ng eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat. Ayon sa talahanayan, ang eksperimental pangkat ay may mean gain na 0.786 at standard deviation gain na 0.189, samantalang ang kontroladong pangkat ay may mean gain na 1.143 at standard deviation gain na 0.169.

Ang p-value para sa pagkakaiba ng mean gain scores ng dalawang pangkat ay 0.000, na mas mababa sa 0.05. Ipinapakita nito na may makabuluhang pagkakaiba sa mean gain scores ng eksperimental pangkat at kontroladong pangkat. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang eksperimental na pangkat ay nagpakita ng mas malaking pagtaas sa kasanayan sa pagsasalita kumpara sa kontroladong pangkat pagkatapos ng interbensyon, at ang epekto ng interbensyon ay makabuluhan.

Talahanayan 8. Makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mean gain scores ng eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat.

Pangkat	Mean Gain	SD Gain	p-value	Interpretasyon
Eksperimental	1.786	0.189	0.000	Makabuluhan
Kontrol	0.143	0.169		

4. Diskusyon

Una, kaugnay ng katamtamang antas ng kasanayan bago ang interbensyon, ipinapakita sa pag-aaral nina Sun et al. (2017) na ang mga mag-aaral ay nasa karaniwang antas ng kasanayan sa pagsasalita bago ang implementasyon ng anumang programa. Gayundin, pinagtibay ito ng pag-aaral ni Pontillas (2020) at nina Rachmawati at Jurianto (2020), kung saan lumabas na ang mga kalahok ay may katamtamang antas ng kasanayan bago ang interbensyon. Ipinapakita ng mga resultang ito na karaniwan sa mga mag-aaral ang pagkakaroon muna ng batayang antas na nasa katamtamang antas bago sila makaranas ng target na pagsasanay.

Ikalawa, hinggil naman sa kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng eksperimental at kontroladong pangkat bago ang interbensyon, ipinapakita nina Ahdhianto at Santi (2020) na walang estadistikal na pagkakaiba sa paunang antas ng kasanayan ng dalawang pangkat. Kasunod nito, napatunayan din nina Gutierrez-Puertas et al. (2020) at Ehsan et al. (2019) na ang parehong pangkat ay may magkatulad na antas ng kasanayan bago ang implementasyon ng programa. Samakatuwid, pinatutunayan ng mga naunang pag-aaral na mahalaga ang

pagkakaroon ng magkaparehong panimulang antas upang maging makatarungan ang pagsusuri sa epekto ng interbensyon.

Ikatlo, pagdating sa resulta matapos ng interbensyon, malinaw na ipinakita ng iba't ibang pag-aaral ang positibong epekto nito sa eksperimental na pangkat. Halimbawa, ayon kina Bakar et al. (2019), nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa kasanayan ang mga mag-aaral na sumailalim sa interbensyon, habang nanatili namang hindi nagbago ang kontroladong pangkat. Dagdag pa rito, ipinakita nina Suryawati at Osman (2017) at Zhao at Chen (2018) na ang mga mag-aaral na tumanggap ng sistematikong pagsasanay ay umangat mula katamtaman patungo sa mas mataas na antas ng kahusayan. Sa kabilang banda, ang kontroladong pangkat sa mga pag-aaral na ito ay hindi nakaranas ng makabuluhang pagbabago.

Higit pa rito, pinagtibay nina Forbes at Fisher (2018), Maru at Nur (2020), at Shi et al. (2021) na ang interbensyon ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa mean scores ng eksperimental na pangkat. Sa parehong direksyon, ipinakita rin nina Tavakoli et al. (2016), Liepert et al. (2019), at Shi et al. (2024) na ang mga aktibong estratehiya at kaukulang pagsasanay ay epektibong nagpapataas ng kasanayan sa pagsasalita. Ipinapakita ng magkakatulad na resulta ang konsistensi ng positibong epekto ng interbensyon sa iba't ibang konteksto.

Bukod dito, sa pagsusuri ng mean gain scores ay natuklasan nina Sun et al. (2017), Zhao at Chen (2018), at Ehsan et al. (2019) na mas mataas ang pag-unlad ng eksperimental na pangkat kumpara sa kontroladong pangkat. Ang mga resultang ito ay nagpapakita na hindi lamang simpleng pagtaas ng marka ang nangyari, kung hindi mas malinaw na pag-unlad sa kabuoang kasanayan.

Samantala, patuloy namang ipinakita sa mga pag-aaral nina Tavakoli et al. (2016), Türkben (2019), at Brighton et al. (2017) na ang kontroladong pangkat na hindi sumailalim sa interbensyon ay hindi nakaranas ng makabuluhang pagbabago. Ipinahihiwatig nito na ang tradisyunal o hindi interaktibong pamamaraan lamang ay maaaring hindi sapat upang makamit ang makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagsasalita.

Sa kabuoan, pinagtibay ng mga pag-aaral nina Yuen (2022) at Oner et al. (2018) na ang interbensyon ay may malinaw at positibong epekto sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita kumpara sa mga pangkatng hindi sumailalim dito. Ang mga natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral ay umaayon sa mga naunang ebidensya.

Sa aspetong teoretikal, maaaring ipaliwanag ang mga resultang ito sa pamamagitan ng Social Learning Theory ni Albert Bandura (1977). Ayon sa teoryang ito, natututo ang mga indibidwal sa pamamagitan ng pagmamasid, pakikilahok, at aktibong karanasan. Dahil ang eksperimental na pangkat ay nakibahagi sa mga kolaboratibo at interaktibong gawain, nagkaroon sila ng mas maraming pagkakataon upang matuto sa pamamagitan ng modelo at fidbak. Samakatuwid, ang mas mataas na pagtaas ng kanilang kasanayan ay maaaring maiugnay sa prinsipyong panlipunang pagkatuto na nagbibigay-diin sa obserbasyon, imitasyon, at pagsasabuhay ng natutunan.

5. Konkusyon

Sa kabuoan, ipinakita ng pag-aaral na bago ang interbensyon, ang eksperimental at kontroladong pangkat ay may magkatulad na panimulang antas ng kasanayan sa pagsasalita na nasa katamtamang antas. Pagkatapos ng implementasyon ng programang Suporta, Aksyon, at Galing, malinaw na nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagsasalita ang eksperimental na pangkat, samantalang nanatiling halos hindi nagbago ang kontroladong pangkat. Ipinahihiwatig nito na ang sistematikong suporta, aktibong pakikilahok, at kolaboratibong gawain ay epektibong nakatutulong sa pagpapalakas ng oral na kasanayan ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang ambag sa larangan ng edukasyong pangwika, lalo na sa antas ng Senior High School kung saan limitado ang mga interbensyong nakatuon sa pagsasalita. Gayunpaman, may ilang limitasyon ang pananaliksik, tulad ng paggamit ng maliit na bilang ng kalahok at pagsasagawa nito sa iisang pribadong paaralan lamang, na maaaring makaapekto sa pangkalahatang paglalapat ng mga resulta. Dahil dito, inirekomenda ang pagpapalawak ng pag-aaral sa mas malaking populasyon at sa iba't ibang konteksto ng paaralan, kabilang ang mga pampublikong institusyon. Maaari ring tuklasin sa susunod na pananaliksik ang pangmatagalang epekto ng interbensyon at ang integrasyon ng iba pang makabagong estratehiya o teknolohiya upang higit pang mapahusay ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino.

Pasasalamat

Lubos na pasasalamat ang ipinaabot sa lahat ng mga tagasuri (peer reviewers) sa kanilang mahahalagang puna at mungkahi na nakatulong sa may-akda upang higit pang mapabuti ang kalidad ng manuskrito.

Pahayag ng Salungatan ng Interes

Ipinahahayag ng may-akda na wala siyang anumang salungatan ng interes.

Mga Sanggunian

- Ahdhianto, E., & Santi, N. N. (2020). The Effect of Metacognitive-Based Contextual Learning Model on Fifth-Grade Students' Problem-Solving and Mathematical Communication Skills. *European Journal of Educational Research*, 9(2), 753-764. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1250376.pdf>
- Bakar, N. I. A., Noordin, N., & Razali, A. B. (2019). Improving Oral Communicative Competence in English Using Project-Based Learning Activities. *English Language Teaching*, 12(4), 73-84. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1210445.pdf>
- Bandura, A. (1977). *Social learning theory*. Englewood Cliffs. https://www.academia.edu/download/90990222/Kelompok_4_Materi_Gestalt_Bandura.pdf

- Brighton, L. J., Koffman, J., Hawkins, A., McDonald, C., O'Brien, S., Robinson, V., ... & Selman, L. E. (2017). A systematic review of end-of-life care communication skills training for generalist palliative care providers: research quality and reporting guidance. *Journal of pain and symptom management, 54*(3), 417-425. <https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S0885392417303135>
- Caisip, R., Oliva, M. M., & Abalos, J. (2022). MTBI: Its Significant Impact to Secondary Learners towards their Reading Comprehension Skill. *Available at SSRN 4543254*. https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=4543254
- Econar, P. B. S., Gaddi, J. A. G., Gaviola, S. J. P., Juanite, L. K. Q., Malaluan, Y. E. S. M., Tejano, L. H. A., & Tuanda, R. K. O. (2024). Epekto ng Dayuhang Impluwensiya sa Wika at Kultura ng mga Mag-aaral Sa Ikalabing-Isang Baitang. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2*(5), 1102-1120. <https://hcommons.org/deposits/download/hc:66094/CONTENT/epekto-ng-dayuhang-impluwensiya-sa-wika-at-kultura-ng-mga-mag-aaral-sa-ikalabing-isang-baitang.pdf>
- Ehsan, N., Vida, S., & Mehdi, N. (2019). The impact of cooperative learning on developing speaking ability and motivation toward learning English. *Journal of language and education, 5*(3 (19)), 83-101. <https://cyberleninka.ru/article/n/the-impact-of-cooperative-learning-on-developing-speaking-ability-and-motivation-toward-learning-english.pdf>
- Forbes, K., & Fisher, L. (2018). The impact of expanding advanced level secondary school students' awareness and use of metacognitive learning strategies on confidence and proficiency in foreign language speaking skills. *The Language Learning Journal, 46*(2), 173-185. <https://www.repository.cam.ac.uk/bitstreams/8a38dbef-6993-4127-beac-8ae760e16457/download>
- Francia, R. C. (2022). The development and contextualization of multimedia-based worktext in enhancing oral communication skills in senior high schools. *American Journal of Interdisciplinary Research and Innovation, 1*(1), 34-43. <https://journals.e-palli.com/home/index.php/ajiri/article/download/437/230>
- Gaddi, J. A. G., Chato, M. N. E., Fajardo, R. N. O., Langres, C. T., Mendoza, R. K. M., Pabas, H. M. U., & Sumania, F. N. A. R. (2024). Antas ng Hamon sa Pag-aaral ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalabing-isang Baitang. *International Journal of Research, 11*(7), 173-185. https://www.academia.edu/download/117098467/ANTAS_NG_HAMON_SA_PAG_AARAL_NG_WIKANG_FILIPINO_NG_MGA_MAG_AARAL_NG_IKALABING_ISANG_BAITANG.pdf
- Gutierrez-Puertas, L., Marquez-Hernandez, V. V., Gutierrez-Puertas, V., Granados-Gamez, G., & Aguilera-Manrique, G. (2020). Educational interventions for nursing students to develop communication skills with patients: a systematic review. *International journal of environmental research and public health, 17*(7), 2241. <https://www.mdpi.com/1660-4601/17/7/2241/pdf>
- Kirkpatrick, A., & Liddicoat, A. J. (2017). Language education policy and practice in East and Southeast Asia. *Language Teaching, 50*(2), 155-188. https://wrap.warwick.ac.uk/87434/1/WRAP_cal-300317-wrap_ak_al_lt_article_final_draft_21_jan.pdf
- Liepert, A. E., Velic, A. J., Rademacher, B., Blumenfeld, A. A., Bingman, E., O'Rourke, A. P., & Sullivan, S. (2019). Proficiency development for graduating medical students, using skills-level-appropriate mastery learning versus traditional learning for chest tube placement: assessing anxiety, confidence, and performance. *Surgery, 165*(6), 1075-1081. <https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S0039606019300467>

- Maca, M., & Morris, P. (2014). Education, national identity and state formation in the modern Philippines. In *Constructing modern Asian citizenship* (pp. 125-148). Routledge.
<https://www.taylorfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9780203734087-8/education-national-identity-state-formation-modern-philippines-mark-maca-paul-morris>
- Maru, M. G., & Nur, S. (2020). Applying Video for Writing Descriptive Text in Senior High School in the COVID-19 Pandemic Transition. *International Journal of Language Education*, 4(3), 408-419.
<https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1286051.pdf>
- Nadal, K. L. (2020). *Filipino American psychology: A handbook of theory, research, and clinical practice*. John Wiley & Sons. <https://psycnet.apa.org/record/2020-20174-000>
- Noels, K. A., Adrian-Taylor, S., Saumure, K., & Katz, J. W. (2019). Motivation and the support of significant others across language learning contexts. *Journal for the Psychology of Language Learning*, 1(1), 106-141. <http://www.jpil.org/index.php/journal/article/download/noelsetal/31>
- Oner, C., Fisher, N., Atallah, F., Son, M. A., Homel, P., Mykhalchenko, K., & Minkoff, H. (2018). Simulation-based education to train learners to “speak up” in the clinical environment: results of a randomized trial. *Simulation in Healthcare*, 13(6), 404-412.
https://journals.lww.com/simulationinhealthcare/fulltext/2018/12000/Simulation_Based_Education_to_Train_Learners_to.5.aspx
- Palma, B. S., Pido, R. G., Peralta, F. D., dela Gente, E. R., & Baga-an, A. L. (2020). Speaking and listening proficiency of AB English students: basis for instructional material development. *The Palawan Scientist*, 12(1), 1-1.
https://www.palawanscientist.org/research_journals/the_palawanscientist_vol12_july2020/10_Palma%20et%20al.%20Speaking%20and%20listening.pdf
- Parba, J. E. (2018). *Empowering the Filipino Language Classroom: Towards Critical Pedagogy and Curriculum* (Doctoral dissertation). <https://scholarspace.manoa.hawaii.edu/bitstreams/bc8bfd5e-3e20-4ee6-946b-c6fe28fee1bc/download>
- Philippine Statistics Authority (PSA). (2022). 2022 National Demographic and Health Survey: Language and Education. <https://psa.gov.ph/>
- Phillipson, R., & Skutnabb-Kangas, T. (2022). Communicating in “global” English: Promoting linguistic human rights or complicit with linguistic imperialism and linguistic imperialism. In *The handbook of global interventions in communication theory* (pp. 425-439). Routledge.
<https://www.taylorfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9781003043348-32/communicating-global-english-robert-phillipson-tove-skutnabb-kangas>
- Pontillas, M. S. D. (2020). Reducing the public speaking anxiety of ESL college students through popsispeak. *3L, Language, Linguistics, Literature*, 26(1).
<https://search.proquest.com/openview/9172c0445231d4b2070147af4a47c9f6/1?pq-origsite=gscholar&cbl=4413477>
- Rachmawati, D. I., Jurianto.(2020). Investigating English department students’ foreign language speaking anxiety: a case study in Universitas Airlangga, Indonesia. *Social Sciences, Humanities and Education Journal (SHE Journal)*, 1(2), 22-34. <https://e-journal.unipma.ac.id/index.php/SHE/article/view/6624>

- Saysi, J., & Batuctoc, L. V. (2023). Pedagogical struggles and gaps in language literacy enhancement: the case of indigenous peoples' education teachers in the Philippines: Teachers of indigenous people in the Philippines. *International Journal of Curriculum and Instruction, 15*(1), 142-165. <https://ijci.globets.org/index.php/IJCI/article/download/1166/583>
- Shi, C., Kassim, A., & Radzuan, N. R. M. (2024). Improving EFL Learners' English Public Speaking Performance through Project-Based Learning Strategy at Tertiary Level. *Language Teaching Research Quarterly, 42*, 126-144. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1441514.pdf>
- Sun, Z., Lin, C. H., You, J., Shen, H. J., Qi, S., & Luo, L. (2017). Improving the English-speaking skills of young learners through mobile social networking. *Computer assisted language learning, 30*(3-4), 304-324. <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/09588221.2017.1308384>
- Suryawati, E., & Osman, K. (2017). Contextual learning: Innovative approach towards the development of students' scientific attitude and natural science performance. *Eurasia Journal of mathematics, science and technology education, 14*(1), 61-76. <https://www.ejmste.com/download/contextual-learning-innovative-approach-towards-the-development-of-students-scientific-attitude-and-5242.pdf>
- Tavakoli, P., Campbell, C., & McCormack, J. (2016). Development of speech fluency over a short period of time: Effects of pedagogic intervention. *Tesol Quarterly, 50*(2), 447-471. <https://centaur.reading.ac.uk/40542/1/Tavakoli%2C%20Campbell%20%26%20McCormack%20Development%20of%20speech%20Fluency%20article.pdf>
- Türkben, T. (2019). The effects of interactive teaching strategies on speaking skills of students learning Turkish as a second language. *Journal of Language and Linguistic Studies, 15*(3), 1011-1031. <https://dergipark.org.tr/en/download/article-file/828133>
- UNESCO. (2019). Language Diversity in Education: Key Issues and Challenges. UNESCO Report. <https://www.unesco.org/gem-report/en/articles/40-dont-access-education-language-they-understand>
- Vindollo, S., & de Guzman, A. (2023). Learning to teach matters: A phenomenology of Filipino teacher candidates' Apprenticeship of Observation. <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/conferences/research-congress-proceedings/2023/LLI-01.pdf>
- Yuen, L. L. (2022). Effects of music-based intervention on english proficiency among primary school pupils in Selangor. *Open Journal of Social Sciences, 10*(2), 99-110. <https://www.scirp.org/journal/paperinformation?paperid=115201>
- Zhao, M., & Chen, S. (2018). The effects of structured physical activity program on social interaction and communication for children with autism. *BioMed research international, 2018*(1), 1825046. <https://onlinelibrary.wiley.com/doi/pdf/10.1155/2018/1825046>
-

Ambag ng May-akda: Ganacial, I.J.; Introduksyon, disenyo ng pag-aaral, pagbuo ng pamamaraan, pangangalap ng datos, pagsusuri ng datos, at pagsulat ng manuskrito